

Ukol sa “Status of Residence (Zairyushikaku)” nang mga “Technical Trainee (Gino Jisshusei)”

*Ito ay impormasyon mula noong ika-19 ng Oktubre, 2020.

Hindi makauwi sa sariling bansa/Hindi makapag-training

- Sa mga taong hindi makauwi sa sariling bansa

◆ Maaaring mapalitan ang “Status of Residence” ng “Designated Activities (Tokutei Katsudo) (6 na buwan / maaaring makapagtrabaho)” o kaya ay “Designated Activities (6 na buwan / hindi maaaring magtrabaho)”.

-Kung patuloy ang katayuan na mukhang hindi makakauwi ng sariling bansa, maaaring i-renew ang “Status of Residence”.

Maaaring mapalitan ng “Designated Activities (6 na buwan / maaaring makapagtrabaho) kung ang trabaho ay pareho o may relasyon ang nilalaman sa dating training lamang po. (Kahit magpalit ng kumpanya ay maaari).

Sa “Designated Activities (6 na buwan / hindi maaaring magtrabaho)” ay maaaring makapaghanap nang bagong trabaho.

Kapag nakakuha ng panibagong trabaho, maaaring mapalitan ang “Status of Residence” ng “Designated Activities (6 na buwan / maaaring magtrabaho).

- Sa mga taong hindi na makapagtrabaho sa lugar kung saan nag-training hanggang ngayon.

- Sa taong tapos na ang “Technical Training” subalit hindi makauwi sa sariling bansa.

◆ Kung hindi makahanap ng panibagong lugar na makapag-training, maaaring mapalitan ang “Status of Residence” ng “Designated Activities (maximum ang 1 taon / maaaring makapag-trabaho)”.

-Maaari ito sa trabahong iba sa dating training (para lang sa caregiving o kaya ay sa agrikultura at iba pana may 14 na klase ng larangan lamang).

*May mga ilang kundisyon na dapat matugunan, tulad nang bilang isang taong may balak magpatuloy sa pagtatrabaho upang makakuha nang mga kasanayan para maging karapat-dapat na makapagtrabaho bilang isang “Specified Skilled Worker (Tokutei Gino)”.

Sa site sa ibaba ay may paliwanag na gamit ang ilang wika.

http://www.moj.go.jp/isa/nyuukokukanri14_00008.html

(Wikang Hapon, Madaling Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Vietnamese, Tagalog, Portuguesel, Nepal, Indonesia, Espanyol)

Sa mga taong magpapatuloy ng training sa Japan

● Para sa mga hindi nakakuha ng pagsusulit sa “Technical Training (Gino Jisshu)”, mga taong hindi makapagpatuloy sa sunod na antas ng training.

◆ Kumuha ng pagsusulit at hanggang sa makapagpatuloy sa sunod na antas ay maaaring palitan ang “Status of Residence” ng “Designated Activities (4 na buwan / maaaring magtrabaho)”.

* Para lamang ito sa parehas ang trabahong gagawin sa parehas na lugar nang training.

● Natapos na ang “Technical Training No. 2 at No.3”, mga taong hindi makapagpatuloy ng preparasyon para sa “Specified Skilled Worker No. 1”

◆ Habang nagpi-prepara, maaaring palitan ang “Status of Residence” ng “Designated Activities” (4 na buwan / maaaring magtrabaho).

(Ang mga taong nakapag-prepara na ay maaaring palitan ang “Status of Residence” ng “Specified Skilled Worker No.1”.)

* Para lamang ito sa parehas ang trabahong gagawin sa parehas na lugar nang training.

● Tapos na ang “Technical Training 2”, mga taong gustong magpatuloy sa “Technical Training 3”

◆ Maaaring mapalitan ang “Status of Residence” ng “Technical Training No.3”.

* Kapag rekognisado lamang na “napakahusay (yuryo) ng “Nangangasiwang Samahan (Kanri Dantai)” o ng kumpanya kung saan nagti-training. Pakitanong na lamang ang kumpanya o kaya ay ang “Nangangasiwang Samahan”.

Lugar na Maaaring Komunsulta sa Iba’t-ibang Wika Ukol sa “Status of Residence”

Multilingual Consultation Centres (Chiiki Kokusai-ka Kyokai)

http://www.clair.or.jp/j/multiculture/association/consultation_list.html

Yorisoi Hotline

<https://www.since2011.net/yorisoi/>

Organization for Technical Intern Training/Konsultasyon gamit ang Sariling Wika

<https://www.otit.go.jp/>

Sanggunian/Pinagmulan

“Pag-asikaso sa mga dayuhan na nahihirapang bumalik sa kanilang sariling bansa o ibang bansa”

(Ini-update noong ika-19 ng Oktubre, 2020 ng Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan)

<http://www.moj.go.jp/isa/content/930005847.pdf>

→Edisyon para sa iba't-ibang wika:

http://www.moj.go.jp/isa/nyuukokukanri01_00155.html

“Ukol sa pag-asikaso nang mga aplikasyon para sa status of residence nang mga nahihirapang bumalik sa Japan na may mga medium to long term na status of residence na mga dayuhan at mga dating may medium to long term na status of residence na mga dayuhan dahil sa epekto ng impeksiyon ng Corona Virus Disease o COVID-19”

(Ini-update noong ika-19 ng Oktubre, 2020 ng Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan)

<http://www.moj.go.jp/content/001320105.pdf>

“Ukol sa pag-asikaso nang mga aplikasyon para sa status of residence nang mga Technical Trainees na dumanas sa pagkalat ng impeksiyon at iba pa ng nakakahawang sakit na Corona Virus Disease o COVID-19”

(Ini-update noong ika-7 ng Setyembre, 2020 ng Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan)

<http://www.moj.go.jp/content/001317458.pdf>

“Pabatid sa mga “Technical Trainee” mula sa Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan (Immigration Services Agency of Japan)”

(Ini-update noong ika-7 ng Setyembre, 2020 ng Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan)

<http://www.moj.go.jp/content/001318821.pdf>

“Gabay Para sa Suporta na Makapagpatuloy sa Pagtatrabaho ang mga Dayuhan na Napaalis sa Trabaho at iba pa”

(Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan)

<http://www.moj.go.jp/content/001328029.pdf>

→Edisyon para sa iba't-ibang wika

http://www.moj.go.jp/isa/nyuukokukanri14_00008.html

